Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III-CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTE CITY
HEROESVILLE ELEMENTARY SCHOOL
BRGY. GAYA-GAYA, CITY OF SAN JOSE DEL MONTE, BULACAN



# STATE OF SCHOOL ADDRESS

## HVES SY 2019-2020

Isang mapagpalang araw sa lahat ng guro, mag-aaral, SPTA Officers, mga minamahal na magulang at iba pang stakeholders ng Heroesville Elem. School.

Maraming salamat po sa pagkakataong ito na ako po ay makapaglahad ng ating mga proyektong naisagawa po ng ako po ay maging punong-guro dito sa HVES sa taong panuruan 2019-2020.

**Sa pamamagitan po ng ating MOOE – School Maintenance and Other Operating Expense ay naipagawa po natin ang mga sumusunod:**

1. Feeding room sa likod ng stage.

2. Papintura at palinis, pag-alis ng malaking tangke na sagabal sa Canteen/School Kitchen.

3. Pagpapagawa ng maliit na waiting area sa gilid malapit sa Gate 2.

4. Pagpapalagay ng pinto sa gilid ng Office of the Principal.

5. Pagsasaayos ng mga pinto ng CR (palikuran) ng babae at lalaki upang mas maging maluwag ito.

6. Pagpapahukay ng mas malaking septic tank upang hindi lagi puno at nagbabaha sa palikuran ng mga babae at lalaki.

Nakatutuwa naman po at ang ating masisipag na SPTA Officers ay naging kapartner din po natin sa mga iba pang proyekto katulad ng

a. Sound system/ malakas po ito at malalaking speaker with amplifier.

b. Pagsasaayos ng drainage at tubo sa likod ng canteen.

Maraming salamat po sa pakikipagtulugan at more power sa ating HVES SPTA!!! Mabuhay po kayo!!!

Sa akin ding pamumuno ay naumpisahan po natin at naging matagumpay ang pag-organisa ng HVES Drum & Lyre Band. Binabati ko ang mga batang naging mas mahusay sa musiko sa larangan ng pagtugtog ng lyre at drums naging disiplinado upang mapag-aralan at sabay sabay ang maging tunog ng banda . Nakapagdonate din po sila ng malaking bass drum para may gagamitin ang mga susunod na HVES drum and lyre.

Isang kagalakan po para sa lahat sapagkat marami po ang nakaunawa na maraming benepisyo ang pagsali sa drum & lyre katulad ng pagkakaroon ng tiwala sa kakayahang ibinigay ng Panginoon, disiplina sa pag-eensayo, pakikipagkaibigan sa kapwa Drum & Lyre members at pagbibigay kasiyahan sa mga manonood sa tuwing sila ay magtatanghal sa mga programa ng paaralan o sa subdibisyon.

**Bilang Instructional Leader sa ating paaralan ay ginawa po ng inyong lingkod ang mga sumusunod:**

a. Pagpapalakas ng Reading Intervention Program kung saan nagbibigay ng isang oras na extra/ karagdagan/ overtime ang ating mga masisipag na guro upang bigyan pa ng karagdagang atensyon ang mga batang may problema sa pagbabasa.

b. Ang ating mga kasamang guro na mahusay sa pagpapaliwanag o paglelecture ay atin pa pong pina-attend sa mga training kung kaya natapos po nila ang pagsasanay o training sa T.I.P. Teacher Induction Program at naturuan din po nila ang mga bagong guro sa HVES.

c. Palagiang SLAC School Learning action Cell. Nakita po natin na ito ay tunay na malaking tulong sa mga skills sa pagtuturo, sa computer applications, sa pakikipag-ugnayan sa mga stakeholders.Sa kabuuan ang tagumpay ng SY 2019-2020 ay nabuo dahil po sa pakikipagtulungan ng bawat isa kaya maraming salamat po ! More Power ! Marami pa pong mga proyekto ang gagawin natin sa pagbabayanihan at pagtutulungan sa susunod na taon SY 2020-2021.

**GINA B. YONQUE**

Principal I

Heroesville Elementary School
School ID: 162509
Block 2, Lot 15, Hereosville 1 Housing Project, Tubigan Rd., Barangay **Gaya-Gaya, City of San Jose del Monte, Bulacan** 3023
Official E-Mail:162509.sjdmc@deped.gov.ph